

Footage ng Protesta na may Sumisigaw nang Pabor kay Duterte

2025-050-FB-UA

Buod

Pinanindigan ng Oversight Board ang desisyon ng Meta na hindi tanggalin ang isang Facebook post na nagbahagi ng minanipulang video sa panahon ng isang pulitikal na krisis sa Pilipinas ngunit itinala nito na dapat lagyan ang content ng label na “High-Risk (Lubos na Mapanganib)” dahil sa malaki nitong posibilidad na makapanlinlang ng mga user tungkol sa isang usaping mahalaga sa publiko. Inirerekomenda ng Board na ipaliwanag ng Meta sa publiko ang mga label nito para sa minanipulang label ng media at kung paano nito inilalagay ang mga ito. Dapat isaprioridad ang video para sa pag-fact check o sa pagsusuri kung gaano ito katotoo, at napag-alaman ng Board na halos kapareho ito ng iba pang content na na-fact check na. Bukod pa rito, dapat bigyan ng Meta ang mga fact-checker ng mas mahuhusay na tool upang matugunan ang mapanlinlang na content.

Tungkol sa Kaso

Noong Marso 2025, na-extradite ang dating Pangulo ng Pilipinas na si Rodrigo Duterte sa International Criminal Court sa Netherlands upang harapin ang mga kaso para sa diumanong mga krimen laban sa sangkatauhan sa loob ng kaniyang termino ng panunungkulan mula noong taong 2016 hanggang 2022. Ilang araw pagkatapos ng pag-aresto, nag-reshare ang isang Facebook user ng minanipulang video na na-post ng isa pang user. Naglalaman ang ni-reshare na video ng footage mula sa isang protesta sa Serbia na walang kinalaman sa pag-aresto kay Duterte, na dinagdagan ng mga caption at audio upang magmukha itong isang demonstrasyong pabor kay Duterte na naganap sa Netherlands.

May naka-overlay na teksto sa video na nagsasabing, “Netherland.” Sa idinagdag na audio, paulit-ulit na sumisigaw ang mga tao ng “Duterte,” habang pinapatugtog ang

awiting “Bayan Ko” sa wikang Tagalog. Sikat ang “Bayan Ko” noong mga protesta laban sa batas militar sa Pilipinas noong 1980s.

Ang orihinal na post, na na-share nang daan-daang beses at nakatanggap ng humigit-kumulang 100,000 view, ay na-flag ng mga automated na sistema ng Meta bilang posibleng maling impormasyon. Isinama ng Meta ang content sa online na pila para sa pag-fact check. Pansamantala ring binabaan ng Meta ang visibility ng post sa mga Facebook feed ng mga user na wala sa US. Nag-viral ang iba't ibang katulad na video, at marami ang ni-rate bilang mali ng mga fact-checking partner ng Meta sa Pilipinas. Gayunman, dahil napakaraming post ang nakapila, hindi nasuri ng mga fact-checker ang partikular na post na ito. Iniulat ng isa pang Facebook user ang ni-reshare na post dahil sa pagpapakalat nito ng maling impormasyon. Hindi tinanggal ng Meta ang post, at pagkatapos nito ay nag-apela ang user. Isinaalang-alang ng isang taong tagasuri ang apela at pinanindigan niya ang paunang desisyon. Pagkatapos, umapela ang user sa Oversight Board.

Mga Pangunahing Napag-alaman

Sang-ayon ang Board sa Meta na hindi dapat tanggalin ang post dahil hindi ito naglalaman ng mga uri ng content na ipinagbabawal sa patakaran sa Maling Impormasyon ng Meta, gaya ng pagtalakay sa mga lokasyon ng botohan, proseso ng pagboto, o pagiging kwalipikado ng mga kandidato. Gayunpaman, naitala ng Board na bukod sa pag-refer sa content para sa pag-fact check at pansamantalang pagpapakita sa post nang mas mababa sa mga feed ng mga user, dapat ay naglagay ang Meta ng label na “High-Risk” sa content dahil naglalaman ito ng video na binago sa paraang digital at photorealistic na may malaking panganib na makapanlinlang sa publiko sa panahon ng mahalagang pampublikong kaganapan.

Dahil sa kahalagahan ng pagpapakita ng transparency tungkol sa pag-label ng minanipulang media, inirerekomenda ng Board na ilarawan ng Meta ang iba-iba nitong label at pamantayan para sa paglalagay ng mga ito. Sa kasalukuyan, ang pinakadetalyadong impormasyon tungkol sa pag-label ng Meta sa minanipulang media ay nakasalalay sa mga desisyon ng Board.

Dapat ay nakapagsagawa ang Meta ng iba pang mga hakbang upang matiyak na na-fact check ang post. Bagaman isinasapriyordad ng Meta ang katulad na content para sa pag-fact check sa panahon ng mga eleksyon, ang high-profile na pag-aresto sa isang dating pinuno ng estado, at iba pang krisis sa pulitika na “napapanahon, uso at may makabuluhang epekto,” ay dapat ituring bilang mga kritikal na kaganapang karapat-dapat na masuri nang mabuti. Bukod pa rito, pagkatapos itong masuri, napag-alaman ng Board na karapat-dapat ding naituring ang content ng kaso bilang halos katulad ng nakaraang na-fact check na content at nalagyan ng nasabing label, pero kinikilala rin nito na may kinahaharap na hamon ang Meta sa ganitong malakihang pagpapasya.

Itinala ng Board na puwedeng bahagi ng mga planadong kampanyang magpakalat ng maling impormasyon ang minanipulang video, kung saan ang katulad, pero hindi kaparehong-kapareho, na content ay naka-post at naka-share nang may bahagyang pagbabago upang makaiwas sa pag-fact check. Dahil dito, kailangan ng Meta ng matitibay na proseso upang matugunan ang mga viral na mapanlinlang na post, kabilang na rito ang pagsasapriyordad sa kaparehong-kapareho o halos kapareho na content para sa pagsusuri, at ang pagpataw sa lahat ng naaayong patakaran at kaugnay na tool nito. Dapat ding mabigyan ang mga fact-checker ng mas mahuhusay na tool upang mabilisang matukoy ang viral na content na posibleng mag-ulit sa mga mapanlinlang na claim.

Ang Desisyon ng Oversight Board

Pinapanindigan ng Board ang desisyon ng Meta na hindi tanggalin ang content.

Inirerekomenda rin ng Board na gawin ng Meta ang sumusunod:

Ilarawan ang iba-ibang pang-impormasyong label na ginagamit ng kumpanya para sa minanipulang media, at kung kailan nalalapat ang mga ito sa mga iyon.

Bumuo ng hiwalay na pila sa loob ng interface ng pag-fact check na kinabibilangan ng content na katulad, pero hindi kaparehong-kapareho o halos kapareho, sa content na na-fact check na sa isang partikular na market.

*Ang mga buod ng kaso ay nagbibigay ng pangkalahatang ideya tungkol sa mga kaso at hindi magdudulot ng pakinabang sa mga susunod na kaso.